



Paggamit ng iyong plano ng NDIS



BUKLET 3 NG 3



BUKLET

3

Saklaw ng buklet na ito ang:

- Pag-unawa sa iyong plano
- Paggamit ng iyong plano
- Pagrepaso ng iyong plano at pag-unlad

Paano gagamitin ang buklet na ito

Ang buklet na ito ay tutulong sa iyong maunawaan ang iyong plano ng National Disability Insurance Scheme (NDIS – Pambansang Iskema ng Seguro sa Kapansanan) at kung paano gagamitin ang pondo, aayusin ang mga suporta at mga serbisyo, at magsikap upang makamit ang iyong mga mithiin. Tutulong din ito sa iyong pagrepaso ng iyong mga mithiin at paghanda sa iyong plano para marepaso.

Gamitin ang buklet na ito kapag ikaw ay nakikipag-usap sa iyong Coordinator ng Early Childhood Early Intervention (ECEI), Local Area Coordinator (LAC) o sa National Disability Insurance Agency (NDIA) tungkol sa iyong plano ng NDIS at kung paano ka susulong patungo sa iyong mga mithiin. Maaari mong itala ang mga bagay sa iyong plano na gumaganang mabuti at kung ano ang mga bagay na kailangang baguhin. Gamitin din ang buklet na ito para irekord ang iyong mga tanong, mga tala, at mga ideya.

MGA SUSING SALITA NG NDIS: Ang ilang mga salita na ginagamit namin upang pag-usapan ang NDIS ay maaaring bago sa iyo, kaya't ipapaliwanag namin ang mga ito sa pagbabasa mo ng buklet.

Sa buklet na ito, ang mga halimbawa ng mga tala o mga tanong ay ipinapakita sa **pulang teksto**.

Ito ang ikatlo at pinakahuling buklet sa serye.

BUKLET 1: Ang pag-unawa sa NDIS

Saklaw ng Buklet 1 ang:

- Pag-alam tungkol sa NDIS
- Pagpapasya kung mag-aaplay sa NDIS
- Pag-access ng NDIS

BUKLET 2: Pagpaplano

Saklaw ng Buklet 2 ang:

- Pag-unawa sa iyong kasalukuyang mga suporta at paghahanda para sa iyong pulong sa pagpaplano
- Pagdalo sa pulong sa pagpaplano upang lumikha ng iyong plano
- Pagtanggap ng iyong inaprubahang plano ng NDIS

BUKLET 3: Paggamit ang iyong plano ng NDIS

Sa Buklet 3:

Pag-unawa kung ano ang nakasaad sa iyong plano

- Matutunan kung ano ang ibig sabihin ng iba't ibang bahagi ng iyong plano ng NDIS, sino ang maaaring makatulong sa iyo upang simulang gamitin ang iyong mga plano at kung paano pinamamahalaan ang iyong plano.

Matutunan kung paano gagamitin ang iyong plano

- Matutunan kung paano sisimulan ang paggamit ng iyong plano upang makamit ang iyong mga mithiin.
- Maunawaan kung saan mo maaaring gastahin ang iyong pondo, at kung paano makakahanap ng mga provider ng serbisyo. Sasabihin rin nito sa iyo kung paano mo maa-access ang mga serbisyo ng komunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan sa labas ng NDIS.

Pagpili at pamamahala ng mga suporta at mga serbisyo

- Gamitin ang buklet na ito upang simulan ang pagpili ng mga provider na maghahatid ng iyong mga suporta at mga serbisyo.
- Alamin kung ano ang dapat gawin kung ang mga bagay na ito ay hindi gumagana o kung gusto mong subukan ang iba pang provider.

Pagrepaso ng iyong plano at pag-unlad

- Gamitin ang buklet na ito para masubaybayan ang iyong mga mithiin.
- Itala kung ano ang gumagana sa iyong plano ng NDIS at kung ano ang kailangang baguhin kapag narepaso na ang iyong plano.
- Sa pagtatapos ng bawat plano kailangan mong maghanda para sa pagrerepaso ng iyong plano. Magsimulang mag-isip tungkol sa iyong mga mithiin, at kung paano tumutulong ang iyong plano sa pagkamit ng mga ito. Maaaring kailangan mong pag-isipan ang mga minimithi na gusto mong makamit sa hinaharap o ang mga serbisyo ng komunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan na maaaring kailanganin mo kung hindi mo na kailangan ng suporta mula sa NDIS.

Tatanggap ka ng mga buklet na kailangan mo sa iyong paglalakbay sa NDIS, o maaari mong ma-access ang mga ito sa website ng NDIS sa www.ndis.gov.au

Ang pag-unawa sa iyong plano ng NDIS

Numero ng aking NDIS:

Petsa ng simula ng aking plano:

/

/

Petsa ng pagtatapos ng aking plano:

/

/

Sino ang makatutulong sa iyo upang simulan ang iyong plano?

Depende sa iyong sitwasyon at mga suportang kailangan, ikaw ay maaaring bigyan ng tulong upang simulan ang iyong plano kasama ang isa sa mga nasa ibaba.

Coordinator ng Early Childhood Early Intervention (ECEI)

Ang mga pamilya at mga tagapag-alaga ng mga bata na may edad na 0-6 na taon na mayroong plano ng NDIS ay makikipagtulungan sa isang ECEI Coordinator. Ang mga ECEI Coordinator ay may karanasan sa pakikipagtulungan sa mga batang may kapansanan o pagkaantala sa pag-unlad. Ang pamamaraan ng NDIS ECEI ay sumusuporta sa mga pamilya at mga tagapag-alaga upang tulungan ang mga bata na magkaroon ng mga kasanayan na kailangan nila upang makibahagi sa mga pang-araw-araw na gawain at marating ang mahahalagang mga punto (milestones) ng kanilang pag-unlad.

Local Area Coordinator (LAC)

Karamihan ng mga kalahok sa NDIS na mas matanda sa pitong taon gulang ay magkakaroon ng isang LAC na tutulong sa kanilang maunawaan at gamitin ang kanilang plano. Kabilang dito ang pagpapakita sa mga kalahok kung paano gagamitin ang myplace portal at pag-uugnay sa kanila sa mga pinondohang suporta. Susuportahan ng LAC ang mga kalahok sa buong panahon ng kanilang plano upang masubaybayan kung ano ang nangyayari sa plano, at maaari nilang suriin nang regular ang pag-unlad.

Ang mga Coordinator ng ECEI at mga LAC ay mula sa mga organisasyon sa inyong lokal na komunidad, na nakikipagtulungan sa NDIA upang ihatid ang NDIS. Bisitahin ang website ng NDIS upang hanapin ang ECEI at mga Kasosyong LAC sa inyong lugar.

Support Coordinator (Suportang Koordineytor)

Kung ang ECEI o ang mga Kasosyong LAC ay hindi makukuha sa inyong lugar, o kailangan mo ng karagdagang tulong sa pagkoordinang ng iyong mga suporta at mga serbisyo, maaaring pondohan ng NDIA ang Support Coordinator sa iyong plano ng NDIS. Ang Support Coordinator ay tutulong sa iyong magkaroon ng mga kasanayan na kailangan mo upang gamitin ang iyong plano sa pagkamit ang iyong mga mithiin, mamuhay nang mas nakapagsasarili, dagdagan ang iyong mga kasanayan at makilahok sa iyong komunidad at sa trabaho.

Ang koordinasyon ng espesyalistang suporta ay isang mataas na antas ng koordinasyon ng suporta. Para ito sa mga taong mas masalimuot ang kalagayan at kailangan ng espesyalistang suporta.

“

Ang NDIS ay nakatulong sa akin upang maging mas nakapagsasarili, sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga pag-aakma ng aking bagong bahay, pagtulong sa akin upang muling makapagmaneho ng kotse. Napakalaking bagay para sa akin ang pagmamaneho ng kotse. Bukod pa rito ay natulungan nila akong bumalik sa gym, na mauwi sa tunay kong mithiin na makalakad nang mas mabuti at hindi na kailangang umasa pa sa wheelchair gaya ng ginagawa ko ngayon.”

ROY, KALAHOK NG NDIS



Paano ka matutulungan ng iyong ECEI Coordinator, LAC o Support Coordinator sa paggamit ng iyong plano

Ang iyong ECEI Coordinator, LAC o Support Coordinator ay makakatulong sa iyong simulan ang iyong plano ng NDIS.

Matutulungan ka nila na:

- Maunawaan ang iyong plano at kung anong mga suporta at serbisyo ang maaari mong bayaran ng iyong pondo ng NDIS.
- Matutunan kung ano ang mga pananagutan ng iba pang mga serbisyo, tulad ng mga sistema ng kalusugan o edukasyon, o pamahalaan ng iyong estado o teritoryo.
- Makipag-ugnay sa komunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan.
- Maghanap ng mga provider na tutugon sa iyong mga pangangailangan at tutulong sa iyo na makamit ang iyong mga mithiin.
- Ayusin ang mga kasunduan ng serbisyo at mga booking ng serbisyo sa iyong provider.
- Maging punto ng ugnayan kung mayroon kang mga tanong, pag-aalala o may nagbago sa iyong buhay.

Mga detalye ng ugnayan ng iyong ECEI Coordinator, LAC o Support Coordinator

Pangalan:

Numero ng telepono:

Email address:

Adress o lugar ng tanggapan:

Pagtingin sa iyong plano

Ang iyong plano ay makukuha sa myplace portal ng NDIS mga 24 oras matapos itong maaprubahan. Ikaw ay tatanggap din ng nakalimbag na kopya ng iyong plano sa personal man o sa pamamagitan ng koreo na nakasaad sa iyong piniling anyo o wika.

Ano ang myplace?

Ang myplace ay isang ligtas na website portal sa myGov website ng Pamahalaan ng Australya kung saan ikaw o ang isang tao na pinagkakatiwalaan mo (isang hinirang o kinatawan ng bata) ay maaaring maka-access ng iyong impormasyon sa NDIS. Kung mayroon ka nang account ng myGov para sa iba pang mga serbisyo ng pamahalaan tulad ng Medicare, Australian Taxation Office o Centrelink, maaari mong gamitin ang myGov account para sa NDIS.

Bibigyan ka ng activation code na gagamitin sa pinaka-unang pag-access mo ng myplace portal. Mahalagang ma-access mo kaagad ang myplace hangga't maaari pagkatapos mong matanggap ang iyong activation code, dahil ang code ay mawawalan ng bisa sa loob ng 10 araw. Kung kailangan mo ng activation code, o paso na ang iyong activation code, maaari kang makakuha ng isa pa sa pamamagitan ng pagtawag sa NDIA **1800 800 110** o pakikipag-ugnay sa iyong ECEI Coordinator o LAC.

Ano ang magagawa mo sa myplace?

- Tingnan ang iyong kasalukuyang plano at naunang mga plano.
- Suriin ang iyong mga detalye ng kontak.
- Tingnan ang mga mensahe mula sa NDIS.
- Lumikha at tingnan ang mga kahilingan ng pagbabayad.
- Lumikha at pamahalaan ang mga booking ng serbisyo.
- Mag-upload ng mga dokumento, kabilang na ang mga pagtatasa o mga kasunduan ng serbisyo.
- Ibahagi ang iyong plano, o mga bahagi ng iyong plano, sa iyong mga provider ng serbisyo.
- Hanapin ang mga provider ng serbisyo.

Para sa detalyadong mga tagubilin tungkol sa paggamit ng myplace, sumangguni sa **NDIS myplace participant portal: Step-by-step guide** sa website ng NDIS.

Ano ang nasa iyong plano?

Ang iyong plano ng NDIS ay batay sa tinalakay sa iyong pulong sa pagpapalano. Kasama ng iyong plano ang mga sumusunod na impormasyon:

Impormasyon tungkol sa iyo

Ang bahaging ito ay kinabibilangan ng mga batayang impormasyon tungkol sa iyong kapansanan, ang iyong mga gawain sa araw-araw, kung saan ka nakatira, sino ang kasama mo sa bahay, o sino ang nag-aalaga sa iyo.

Pamilya at mga kaibigan

Kasama sa bahaging ito ang impormasyon tungkol sa suporta na nakukuha mo mula sa pamilya at mga kaibigan na hindi pinopondohan pero tumutulong sa iyong magsikap upang makamit ang iyong mga mithiin.

Mga serbisyo at mga grupo ng komunidad

Kasama sa bahaging ito ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at suportang pinopondohan at inihahatid ng komunidad o iba pang mga serbisyo ng pamahalaan na tulad ng mga grupo ng suporta, mga sentro ng kalusugan, mga aklatan at pampublikong sasakyan.

Ang iyong mga mithiin

Kasama sa bahaging ito ang kasalukuyang mga mithiin na nais mong makamit bilang bahagi ng iyong plano at pangmatagalang mga mithiin na natukoy mo para sa iyong buhay. Ang pagtatakda ng mithiin (goal-setting) ay mahalagang bahagi ng NDIS at dapat tumulong ang bawat isa sa iyong mga suporta at mga serbisyo upang makamit ang mga mithiin sa iyong NDIS.

Pinondohang mga suporta

Ang bahaging ito ay nagsasabi sa iyo kung anong pondo ang inilaan sa bawat kategorya ng suporta at para saan ang pondong ito. Maaaring hindi lahat ng mga kategorya ng suporta ay pinopondohan sa iyong plano. Ang ilan ay mayroong isa o dalawang kategorya ng suporta na pinopondohan at ang iba ay maaaring mas marami pa. Ito ay nakasalalay sa iyong mga indibidwal na pangangailangan at maaaring mag-iba-iba sa mga plano depende sa mga suporta at mga serbisyo na kailangan mo.

Ang iyong pagpopondo ay batay sa kung ano ang **makatwiran at kinakailangan** para sa iyong mga pangangailangan, bukod pa sa suporta na ibinibigay ng pamilya, mga kaibigan at iba pang mga serbisyo ng komunidad at pamahalaan na kailangan mo upang mamuhay at makamit ang iyong mga mithiin.

Dapat mo lamang gamitin ang iyong pondo ng NDIS sa mga suporta at mga serbisyo na may kaugnayan sa iyong kapansanan at tutulong sa iyong makamit ang mga mithiin sa iyong plano ng NDIS.

MGA SUSING SALITA NG NDIS:

Makatwiran at kinakailangan

Ang ibig sabihin ng 'makatwiran' ay isang bagay na patas at ang ibig sabihin ng 'kinakailangan' ay isang bagay na kailangan ng isang tao. Ang NDIS ay nagpopondo sa mga suporta at mga serbisyo may kaugnayan sa kapansanan ng isang tao upang tulungan siyang makamit ang kaniyang mga mithiin.


“

Isa sa aking pangunahing suporta ay ang aking occupational therapist. Dito ako nagsisikap na makamit ang aking mga mithiin upang maging mas nakapagsasarili at makakuha ng trabaho at mga bagay na tulad nito. Pagkatapos mayroon din akong speech pathologist upang matuto kung paano makipag-usap nang mas malinaw at magpatuloy sa pakikipag-usap.”

KIRA, KALAHOK NG NDIS



Mga badyet ng suporta



Mayroong tatlong uri ng mga badyet ng suporta na maaaring pondohan sa iyong plano ng NDIS:

- Badyet sa mga Pangunahing Suporta
- Badyet sa mga Suporta sa Pagtatatag ng Kakayahang
- Badyet sa mga Suportang Kapital

Badyet sa mga Pangunahing Suporta

Tumutulong ang mga Pangunahing Suporta sa iyong pang-araw-araw na mga gawain, sa iyong kasalukuyang mga pangangailangan kaugnay ng kapansanan at nakikipagtulungan upang makamit ang iyong mga mithiin.

Ang iyong badyet ng mga Pangunahing Suporta ang pinakamaangkop, at sa karamihan ng mga kaso, ay maaari mong gamitin ang iyong pondo sa alinman sa mga sumusunod na kategorya ng apat na suporta. Gayunman, may mga pagkakataon na wala kang kakayahang iangkop ang iyong pondo, lalo na sa pagpopondo ng transportasyon.

SA IYONG PLANO	SA MYPLACE PORTAL	PAGLALARAWAN
Tulong sa Pang-araw-araw na Buhay	Pang-araw-araw na mga Gawain	Halimbawa, tulong sa pang-araw-araw na mga pangangailangan, paglilinis ng bahay at/o pagmementena ng bakuran.
Mga Nakokonsumo	Mga Nakokonsumo	Pang-araw-araw na mga bagay na maaaring kailangan mo. Halimbawa, mga produkto para sa continence o murang teknolohiyang pantulong at kagamitan upang mapabuti ang iyong kakayahang magsarili at/o kalayaang kumilos.
Tulong sa Pakikilahok sa Lipunan at Komunidad	Paglahok sa lipunan, komunidad at pambayan	Halimbawa, isang suportang manggagawa na tutulong sa iyong makilahok sa mga gawaing panlipunan at pangkomunidad.
Transportasyon	Transportasyon	Ito ang suportang tutulong sa iyo upang magbiyahe papunta sa trabaho o sa iba pang mga lugar na makakatulong sa iyong makamit ang mga mithiin sa iyong plano. Ang paraan kung paano mo gagastusin ang iyong pondo para sa transportasyon at kung paano ito babayaran sa iyo (pauna man (upfront) o sa regular na mga pagbabayad) ay maaaring iba-iba para sa bawat tao. Ang iyong LAC o tagaplano ng NDIA ay magpapaliwanag kung paano mo gagamitin ang badyet na ito.

CASE STUDY

CHARLOTTE

Ang mga mithiin ni Charlotte ay matutong maging mas nagsasarili sa kanyang pang-araw-araw na buhay at magkaroon ng mga kaibigan. May pondo siya sa badyet ng kanyang mga Pangunahing Suporta upang tulungan siya sa mga gawain tulad ng pagbibihis at pagluluto ng pagkain.

Sa paglipas ng panahon, tiwala ang pakiramdam ni Charlotte na mababawasan ang suportang kailangan niya sa umaga sa pagbibihis at paghahanda ng almusal. Dahil ang badyet ng mga Pangunahing Suporta ni Charlotte ay naiaangkop, nagpasya siyang bawasan ang dalas ng isa-sa-isang (one-on-one) suportang tinatanggap niya sa umaga at gamitin ang pondo para sa suporta upang makilahok sa gawaing panlibangan na paglangoy ng grupo na minsan sa isang linggo.

Badyet sa mga Suporta sa Pagtatatag ng Kakayahan

Tumutulong ang mga Suporta sa Pagtatatag ng Kakayahan sa pagtatatag ng iyong pagsasarili at mga kasanayan na tutulong sa iyong makamit ang iyong pangmatagalang mga mithiin.

Hindi tulad ng badyet sa iyong mga Pangunahing Suporta, ang iyong badyet sa mga Suporta sa Pagtatatag ng Kakayahan ay hindi maililipat mula sa isang kategorya ng suporta papunta sa isa pa. Ang pagpopondo ay magagamit lamang sa pagbili ng inaprubahang mga indibidwal na suporta na nakapaloob sa kategorya ng Suporta sa Pagtatatag ng Kakayahan. Ang mga kategorya ng Suporta sa Pagtatatag ng Kakayahan ay:

SA IYONG PLANO	SA MYPLACE PORTAL	PAGLALARAWAN
Suportang Koordinasyon	Suportang Koordinasyon	Ito ay pirmihang halaga para sa Support Coordinator upang matulungan kang gamitin ang iyong plano.
Mga Kaayusan ng Pinagbuting Paninirahan	CB Paninirahan sa Tahanan	Suporta na makakatulong sa iyo na makahanap at magmentena sa angkop na lugar na matitirhan.
Ibayong Pakikilahok sa Lipunan at Komunidad	CB Paglahok sa Lipunan, Komunidad at Sibika	Pag-unlad at pagsasanay na magdaragdag sa iyong mga kasanayan upang ikaw ay makilahok sa komunidad, mga gawaing panlipunan at panlibangan.
Paghahanap at Pananatili sa Trabaho	CB Pagtatrabaho	Maaaring kabilang dito ang suporta na kaugnay sa pagtatrabaho, pagsasanay at mga pagtatasa na tutulong upang makahanap at manatili ka sa trabaho, tulad ng School Leaver Employment Supports (SLES).
Pinagbuting mga Ugnayan	CB Mga Ugnayan	Ang suportang ito ay tutulong sa iyo upang magkaroon ng positibong mga pag-uugali at makihalubilo sa iba.
Pinagbuting Kalusugan at Kagalingan	CB Kalusugan at Kagalingan	Kabilang ang payo sa pag-eehersisyo o pagdidiyeta upang pamahalaan ang epekto ng iyong kapansanan. Hindi pinopondohan ng NDIS ang pagiging miyembro sa gym.
Pinagbuting Pag-aaral	CB Habambuhay na Pagkatuto	Kabilang sa mga halimbawa ang pagsasanay, payo at tulong para sa iyo upang makalipat mula sa isang paaralan patungo sa mas mataas na edukasyon, tulad ng pamantasan o TAFE.
Pinagbuting mga Pasya sa Buhay	CB Pagpipilian at Pamamahala	Ang tagapamahala ng plano na tutulong sa iyong pamahalaan ang iyong plano, pondo at pagbabayad para sa mga serbisyo.
Pinagbuting Araw-araw na Pamumuhay	CB Pang-araw-araw na Gawain	Ang pagtatasa, pagsasanay o terapi na magpapalawak ng iyong mga kasanayan, kakayahang magsarili at paglahok sa komunidad. Ang mga serbisyong ito ay maaaring ihatid ng mga grupo o indibidwal.

Badyet sa mga Suportang Kapital

Kasama sa mga Suportang Kapital ang mas mamahaling mga gamit na teknolohiyang pantulong, kagamitan at mga pagbabago sa bahay o sasakyan, at pagpopondo para sa minsanang pagbili na maaaring kailanganin mo (kabilang ang mga Specialist Disability Accommodation).

Mahalagang tandaan na ang mga pondo sa mga Suportang Kapital ay magagamit lamang para sa tiyak na layunin at hindi maaaring gamitin upang ibayad sa anumang iba pang bagay. Ang badyet ng mga Suportang Kapital ay may dalawang kategorya ng suporta:

SA IYONG PLANO	SA MYPLACE PORTAL	PAGLALARAWAN
Teknolohiyang Pantulong	Teknolohiyang Pantulong	Kabilang dito ang mga kagamitan para makakilos, personal na pangangalaga, komunikasyon at panlibangang pangangailangan tulad ng wheelchair o mga pag-aakma sa sasakyan.
Mga Pagbabago sa Tahanan	Mga Pagbabago sa Tahanan	Mga pagbabago sa tahanan tulad ng pagkakabit ng hawakan ng kamay sa banyo, o Specialist Disability Accommodation para sa mga kalahok na nangangailangan ng natatanging pabahay dahil sa kanilang kapansanan.

Iba pang impormasyon sa iyong plano

Ipinahayag na mga suporta – hindi naiaangkop

Anumang mga serbisyo na nakalista bilang ‘ipinahayag na suporta’ ay hindi naiaangkop. Nangangahulugan ito na ang pondo ay inilaan para sa isang partikular na suporta o serbisyo, at hindi mo maaaring gamitin ang pondo para sa ibang bagay. Hindi mo maaaring ipagpalit ang isang ‘ipinahayag na suporta’ para sa iba pang mga suporta.

Mga suportang ‘in-kind’ – nauna nang binayaran

Kung may mga suporta sa iyong plano na nakalista bilang ‘in-kind’, nangangahulugan ito na ang serbisyo ay binayaran na ng iyong estado, teritoryo o ng pamahalaan ng Australya. Kailangan mong gamitin ang provider na ito dahil nakatanggap na sila ng bayad at magbibigay ng lahat ng mga serbisyo na naka-book. Ibig sabihin nito ay hindi ka maaaring pumili ng provider para sa serbisyong ito, gayunpaman kung mayroon kang pag-aalala tungkol sa paggamit ng isang partikular na ‘in-kind’ provider, ikaw ay hinihikayat na talakayin ang iyong mga pag-aalala sa iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplanong NDIA.

Habang ang NDIS ay sinisimulan sa kabuuan ng Australya, inaasahan na ang mga suportang in-kind ay tatanggalin at magkakaroon ka ng pagpipilian at kontrol sa mga provider na gagamitin mo.

Kailangan ng Turing (Quote)

Kung ang suporta ay nakalista bilang ‘kailangan ng turing’, ang karagdagang impormasyon tulad ng mga turing at/o mga ulat ng espesyalista ay kinakailangan bago makakakuha ng pondo sa iyong plano.

Mga Suporta sa Wika (walang kaugnayan sa kapansanan)

Ang mga suporta sa wika para sa mga kalahok, kung hindi Ingles ang kanilang piniling wika, ay hindi pinopondohan ng plano ng NDIS. Ang provider ng serbisyo ng iyong NDIS ay gagawa ng booking at magbabayad ng interpreter ng suportang wika para sa harap-harapan o sa teleponong pakikipag-usap upang tulungan kang gamitin ang mga suporta sa iyong plano.

Kung hindi ka masiyahan sa iyong pondo

Ikaw ay may karapatang humiling ng isang **panloob na pagreposito** ng iyong plano sa pamamagitan ng NDIA. Ipapaliwanag ng iyong ECEI Coordinator, LAC o ng NDIA kung paano ito gagawin at iuugnay ka sa mga tagapagtaguyod na maaaring makatulong sa iyo sa prosesong ito.

Kapag nirereposito ng NDIA ang plano ng isang kalahok, titingnan nito ang lahat ng mga pinondohang suporta sa plano, hindi lang isa sa mga ito. Ito ay tutulong upang tiyakin na walang mga puwang sa plano. Upang malaman ang higit pa tungkol sa paghiling ng pagreposito ng iyong plano, kontakin ang iyong ECEI Coordinator, LAC o ang NDIA. Kung ikaw ay humiling ng pagreposito, maaari mong ipagpatuloy ang paggamit ng iyong plano habang hinihintay ang desisyon.

Kung hindi ka masisiyahan sa panloob na pagrereposito, maaari kang mag-aplay para sa pagrereposito ng Administrative Appeals Tribunal (AAT), na umiiral sa labas ang NDIA. Hindi mo mahihiling sa AAT na repasuhin ang desisyon ng NDIA kung wala pang isinagawang panloob na pagrereposito ang NDIA.

MGA SUSING SALITA NG NDIS:

Panloob na pagrereposito

Ito ay isang pagreposito sa desisyon ng NDIA. Ang miyembro ng kawani ng NDIA na nagtatrabaho sa panloob na pagrereposito ay maaaring hindi nakasama sa mga naunang desisyon. Maaaring gusto ka nilang makausap nang tuwiran bilang bahagi ng prosesong ito.

Pamamahala ng iyong pondo ng NDIS

Sa iyong pakikipag-usap sa pagpapalano, natalakay mo kung paano mo nais pamahalaan ang pondo sa iyong plano upang magbayad ng mga suporta at mga serbisyo. Sumangguni sa **Buklet 2 - Pagpapalano** para sa buod ng mga iba’t ibang paraan sa pamamala ng iyong pondo. Kung hindi mo maalala kung paano pinamamahalaan ang iyong plano, makikita mo itong nakalista sa iyong plano o itanong sa iyong LAC, Coordinator ng ECEI o sa NDIA.

Mayroong tatlong iba’t ibang paraan upang pamahalaan ang iyong plano:

- 1. Sariling-pamamahala** – ang NDIA ang magbabayad sa iyo para mabayaran mo nang direkta ang iyong mga provider.
- 2. Pinamahalaan ng Tagapamahala ng Plano** – ang NDIA ang magpopondo sa iyong plano para mabayaran ang Tagapamahala ng Plano na siyang magbabayad sa iyong provider para sa iyo.
- 3. Pinamahalaan ng NDIA** – ang NDIA ang magbabayad ng mga provider sa ngalan mo.

Ngayong mayroon ka nang plano, maaaring mas marami kang tanong kung paano gumagana ang mga opsyon sa pamamahala ng pondo. Masasagot ng iyong ECEI Coordinator, LAC o ng NDIA ang iyong mga tanong, tutulong sa iyo kung may mga problema o makikipagtulungan sa iyo kung gusto mong baguhin kung paano pinamamahalaan ang iyong plano.

Tandaan, paano man pinamamahalaan ang iyong pondo, mayroon ka pa ring pagpipilian at kontrol upang matiyak na ang iyong mga serbisyo ay mahusay para sa iyo at tamang-tama sa iyong badyet. Kahit na ang iyong pondo ay pinamamahalaan ng NDIA o ng Tagapamahala ng Plano, dapat mong tingnan nang regular ang myplace portal at ang iyong pagpopondo upang matiyak na ang iyong mga badyet ay maayos.

Paggamit ang iyong plano

Saan mo maaaring gastahin ang iyong pondo?

Isaalang-alang ang sumusunod kapag nagpapasya kung ano ang bibilhin gamit ang iyong pondo ng NDIS:

Tanong	Oo/Hindi
1. Ang suporta o serbisyo ba ay tutulong sa iyo upang makamit ang mga mithiin sa iyong plano ng NDIS?	
2. Ang halaga ba ng suporta o serbisyo ay may makatwirang presyo at pinakamaganda ang halaga para sa pera kumpara sa iba pang mga suporta?	
3. Kaya mo bang bayaran ang suporta o serbisyo ng inapubahang badyet ng NDIS? Tandaan, ang iyong pondo ay kailangang tumagal sa buong panahon ng iyong plano.	
4. Ang suporta o serbisyo ba ay tutulong sa iyo upang mapagbuti ang paraan ng iyong pakikipag-ugnayan sa iyong lokal na komunidad at mapagbuti ang mga ugnayan mo sa pamilya at mga kaibigan? Hindi nito dapat palitan ang mga suporta na karaniwang ibinibigay ng pamilya, mga kaibigan at sa loob ng iyong komunidad.	
5. Ang suporta o serbisyo ba ay isang bagay na dapat pondohan ng iba pang mga serbisyo ng pamahalaan? Halimbawa, ang mga serbisyong pang-ngipin, kalusugan o ospital, edukasyon, pabahay at pampublikong transportasyon ay ibinibigay sa pamamagitan ng iba pang mga serbisyo ng pamahalaan. Tandaan, lahat ng komunidad ay dapat magkaroon ng mga pasilidad at mga aktibidad na inklusibo at magagamit ng mga taong may kapansanan.	
6. Ang suporta o serbisyo ba ay tutulong sa iyo upang makilahok sa mga aktibidad kasama ang mga kaibigan at iba pang mga miyembro ng iyong komunidad, o tutulungan kang makahanap o manatili sa trabaho?	
7. Ito ba ay ligtas? Ang iyong mga suporta at mga serbisyo ay hindi dapat maging sanhi ng anumang pinsala sa iyo o ilagay ang iba pang mga tao sa panganib.	

Kanino ka makakabili ng mga serbisyo?

Mayroon kang pagpipilian at kontrol tungkol sa kung anong mga suporta at mga serbisyo ang kailangan mo upang makamit ang iyong mga mithiin, kung saan at kung kailan ibibigay ang mga ito at mula kanino. Ang ilang kalahok ay humihiling sa kanilang pamilya o kaibigan ng tulong upang gawin ang mga desisyong ito, habang ang iba ay humihingi ng tulong sa kanilang ECEI Coordinator, LAC o Support Coordinator.

Ano ang provider (tagapagbigay) ng serbisyo?

Ang isang provider ng serbisyo ay isang tao, negosyo o organisasyon na naghahatid ng pinopondohang mga serbisyo. Ang mga provider ng serbisyo ay may iba't ibang aspeto ng karanasan at kadalubhasaan kaya't mahalagang alamin kung ano ang gusto mo at hanapin ang tamang provider para sa iyo. Maaaring kabilang sa mga provider ang mga malalaking kompanya, kawanggawa, maliit na negosyong hindi-para-pagkakitaan, solong mga mangangalakal (sole traders), o iba pang mga uri ng negosyo.

Ang mga provider na rehistrado ay tinatawag na 'mga nakarehistrong provider ng NDIS' at tumutugon sa mga pamantayan sa kalidad at kaligtasan ng pamahalaan.

Kung ang iyong pondo ng NDIS ay pinamamahalaan ng NDIA, maaari ka lamang kumuha ng mga nakarehistrong provider ng NDIS upang maghatid ng iyong serbisyo. Kung nakikipagtulungan ka sa isang suportang manggagawa o provider nang ilang taon na hindi isang nakarehistrong provider ng NDIS, hikayatin silang magparehistro upang patuloy kayong makipagtulungan gamit ang iyong pondo ng NDIS.

Ang mga kalahok na sariling-pinamamahalaan ang pondo ng NDIS o pinamamahalaan ng isang Tagapamahala ng Plano ay maaaring gumamit ng nakarehistro at di-nakarehistrong mga provider ng NDIS.

Pagpili at pamamahala ng iyong mga serbisyo

Paano ka makakahanap ng mga provider ng serbisyo?

Kapag natukoy mo na ang mga uri ng serbisyo na maaaring makatulong sa iyo upang makamit ang iyong mga mithiin, oras na upang malaman ang higit pa tungkol sa mga provider sa inyong lugar at kung sila ay tama para sa iyo. Matutulungan ka rin ng iyong ECEI Coordinator, LAC o Support Coordinator. Upang makahanap ng mga nakarehistrong provider ng NDIS, maaari kang mag-search sa Provider Finder sa myplace portal.

Baka gusto mong magsaliksik tungkol sa mga provider sa internet, suriin ang mga rebyu, kumuha ng payo mula sa mga kaibigan o kapamilya at makipag-usap sa iba't ibang provider nang personal o sa pamamagitan ng telepono bago ka sumang-ayon na makipagtulungan sa kanila.

Kung wala kang makitang provider ng serbisyo sa inyong lugar

Dahil bago pa lang ang NDIS, maaaring matagal pa bago magbukas ang mga bagong provider ng serbisyo sa inyong lugar, lalo na sa mga baryo o liblib na bayan. Kung kakaunti ang mga provider ng serbisyo kung saan ka nakatira, isipin mo rin ang ibang tao o negosyo sa inyong lugar na maaaring sumuporta sa iyo.

Kung ikaw ay nahihirapang maghanap ng mga provider ng serbisyo, maaaring makatulong ang iyong ECEI Coordinator o LAC o maaaring kabilang sa iyong plano ng NDIS ang isang Koordineytor ng Suporta na tutulong sa iyong makahanap ng mga serbisyo na makakatulong sa iyong makamit ang iyong mga mithiin.

Paano mo pipiliin ang mga provider na maghahatid ng iyong mga serbisyo?

Maaaring nagamit mo na ang ilang mga provider ng serbisyo bago ka sumali sa NDIS at maaaring piliin mong gamitin silang muli. Maaaring gusto mo ring subukan ang bagong mga provider kung ikaw ay maging kalahok ng NDIS.

Kapag pinag-iisipan ang isang provider ng serbisyo, makipag-usap sa kanila tungkol sa iyong mga mithiin at talakayin kung paano ka nila matutulungan makamit ang mga ito. Narito ang ilang maaari mong itanong:

- Ikaw ba ay nakarehistrong provider ng NDIS?
- Paano mo ako tutulungan makamit ang aking mga mithiin?
- Magkano ang halaga ng iyong serbisyo?
- Maaari ko bang piliin kung sinong kawani ang makikipagtulungan sa akin?
- Maaari mo bang ibigay ang serbisyo sa oras na nababagay sa akin?
- Paano ako maghahain ng isang reklamo o lutasin ang mga usapin sa pagbabayad?

Ibahagi ang iyong plano

Hindi mo kailangang ibigay kaninuman ang kopya ng iyong plano ng NDIS. Ang pagbahagi ng iyong plano ay iyong pasya.

Maaari mong piliin na ibahagi ang mga bahagi lamang o ang kabuuan ng iyong plano sa iyong provider ng serbisyo sa pamamagitan ng myplace portal. Sa partikular, maaaring gusto mong ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo at sa iyong mga mithiin, upang malaman nila kung ano ang gusto mong makamit at ang gusto mong paraan kung paano sila makakatulong sa iyo.

Ang mga nakarehistrong provider ng NDIS ay dapat sumunod sa mga patakaran sa pagkapribado at hindi dapat magbabahagi ng iyong personal na impormasyon sa iba nang walang pahintulot mo. Kung may pag-aalala ka tungkol sa iyong pagkapribado, makipag-usap sa iyong provider tungkol sa kanilang mga patakaran at mga alituntunin sa pagkapribado.

CASE STUDY

AHMAD

Si Ahmad ay nakatira sa isang rural na bayan at gumagamit ng isang Tagapamahala ng Plano upang pamahalaan ang kanyang pondo ng NDIS. Si Ahmad ay nangangailangan ng suporta sa pagbangon sa kama, paliligo at paghahanda para sa araw.

Walang mga organisasyong suporta sa kapansanan sa kanyang bayan, ngunit may kilala si Ahmad na isang lokal na babae, si Brenda, na may sariling negosyo na sumusuporta sa mga matatanda. Bagama't siya ay hindi nakarehistrong provider ng NDIS, si Brenda ay may tamang mga kakayahan upang tulungan si Ahmad at komportable si Ahmad kay Brenda. Nagkasundo si Ahmad at Brenda na si Brenda ay maglalaan ng dalawang oras ng suporta kay Ahmad tuwing umaga.

Ang Tagapamahala ng Plano ni Ahmad ay lumikha ng isang nakasulat na kasunduan ng serbisyo para kay Brenda na nagbabalangkas ng suportang kailangan ni Ahmad upang makamitan ang kanyang mga mithiin, ang babayaran ni Ahmad sa isang oras, kailan ihahatid ang serbisyo, at ang mga tuntunin sa pagbabayad.

Paghahanap ng tamang provider para sa iyo

Gamitin ang espasyo sa ibaba upang itala ang mga provider na gusto mong makatrabaho.

Ang aking mithiin	Suportang kailangan	Ano ang hinahanap mo sa isang provider ng serbisyo?	Sino ang maaaring magbigay ng serbisyon ito sa iyo?
Hal. Gusto kong makakuha ng trabaho pagkatapos kong mag-aral.	Gusto ko ng tulong para malaman kung paano pamahalaan ang aking oras, patatagin ang tiwala sa sarili at ihanda ang mga aplikasyon at para sa mga panayam.	Isang tao na may karanasang makipagtulungan sa mga taong tulad ko. Gusto kong makipagtulungan sa isang provider na madaling mapuntahan ng pampublikong transportasyon.	ABC Recruitment

Paggawa ng isang kasunduan sa serbisyo

Kapag napili mo na ang iyong mga provider, kailangan ninyong pagkasunduan kung paano ibibigay at babayaran ang iyong mga suporta at mga serbisyo sa isang nakasulat na kasunduan. Ito ay tinatawag na kasunduan sa serbisyo.

Ang pagkakaroon ng kasunduang nakasulat ay gagawing maliwanag kung ano ang ilalaan sa iyo at makatutulong kung sakaling ikaw ay may isyu na kailangang pag-usapan.

Ikaw ay hinihikayat na magkaroon ng nakatalagang kasunduan ng serbisyo para sa bawat provider mo.

Maaaring isama sa mga kasunduan ng serbisyo ang impormasyon tulad ng:

- Ano ang suporta o serbisyo na sinang-ayunang ibigay ng provider.
- Ang halaga ng suporta o serbisyo.
- Paano, kailan at saan mo gustong mabigyan ng iyong suporta o serbisyo.
- Gaano katagal mo kailangang mabigyan ng suporta o serbisyo.
- Kailan at paano rerepasuhin ang iyong kasunduan sa serbisyo.
- Paano aasikasuhin ang anumang problema o isyu na maaaring mangyari.
- Ang iyong mga pananagutan sa ilalim ng kasunduan sa serbisyo – tulad ng pagbibigay-alam sa iyong provider kung hindi ka makakapunta sa tipanan.
- Ang patakaran sa pag-kansela ng provider.
- Mga pananagutan ng iyong provider – tulad ng pakikipagtulungan sa iyo upang maihatid ang iyong suporta o serbisyo sa tamang paraan.
- Paano mo o ng iyong provider maaaring baguhin o wakasan ang kasunduan ng serbisyo.

Ang iyong provider ay maaaring may sarili nilang halimbawa ng kasunduan sa serbisyo na maaaring gusto mong gamitin, o maaari ka ring lumikha ng iyong sarili.

Tiyakin na babasahin mo nang mabuti o ng iyong **hinirang** ang kasunduan ng serbisyo bago ito lagdaan at magtabi ng isang kopya sa isang ligtas na lugar.

Pagpepresyo

Ang NDIA ang kasalukuyang nagtatakda ng maximum na presyo sa NDIS Price Guide (Gabay sa Presyo ng NDIS) na maaaring singilin ng mga nakarehistrong provider ng NDIS para sa kanilang mga serbisyo. Ang Price Guide ay matatagpuan sa website ng NDIS sa www.ndis.gov.au.

Ang mga nakarehistrong provider ng NDIS ay maaaring sumingil ng mas mababa kaysa sa presyong nakalista ngunit hindi maaaring sumingil ng higit pa kaysa sa maximum na presyo, maliban ang mga kalahok na sariling namamahala na maaaring piliing magbayad nang higit pa.

Maaari kang makipag-ayos sa presyo na babayaran mo para sa serbisyo sa iyong provider at ito ay dapat sinang-ayunan at nakatala sa iyong kasunduan sa serbisyo. Ang NDIA ay nag-a-update ng mga presyo tuwing ika-1 ng Hulyo bawat taon at inilalathala ang mga ito sa website ng NDIS.

Kung ikaw ay sariling-namamahala ng iyong mga pondo ng NDIS, maaari kang makipag-ayos sa halaga ng napagkasunduang serbisyo sa iyong provider.

Para sa mga pondo na pinamamahalaan sa pamamagitan ng NDIA o ng isang Tagapamahala ng Plano, hindi maaaring lumampas sa gabay na presyo ng NDIS ang mga nakarehistrong provider ng NDIS.

MGA SUSING SALITA NG NDIS:

Hinirang

Isang tao na kakatawan sa kalahok ng NDIS. Sila ay awtorisado ng batas upang kumilos at gumawa ng mga desisyon para sa mga kalahok.

“

“Mas masaya ako sa bahay, ako ay nagsasanay sa pagsasalita at paglalakad, ako ay umaasa na lahat ay magiging maayos. Gusto kong nakapagpapasya na gawin ang gusto ko kung kailan ko gusto; Gusto kong maging nakapagsasarili, maibalik ang aking dating buhay.”

KIRBY, KALAHOK NG NDIS



Pagsisimula ng iyong mga suporta at serbisyo

Sa sandaling napag-isipan mo na ang mga suporta at mga serbisyong kailangan mo at nakapili ka na kung sino ang magbibigay ng mga ito, ang pinakahuling hakbang ay ang pagtatakda ng booking ng serbisyo para sa iyong mga nakarehistrong provider ng NDIS. Ang hakbang na ito ay hindi kinakailangan kung ikaw ay gumagamit ng mga di nakarehistrong provider o sariling pinamamahalaan ang iyong mga pondo.

Mga booking ng serbisyo para sa mga nakarehistrong provider ng NDIS

Ginagamit ang mga booking ng serbisyo upang maglaan ng pondo para sa nakarehistrong provider ng NDIS para sa suporta o serbisyo na kanilang ibibigay. Ang booking ng serbisyo ay hindi katulad ng mga kasunduan ng serbisyo. Ang mga provider ay maaaring mag-claim ng mga kabayaran para sa naka-book na serbisyo sa myplace portal. Ipinapakita sa booking ng serbisyo ang uri ng suportang ibibigay, ang tagal ng panahon na kailangan nito, at naglalaan ng pondo para bayaran ang suporta o serbisyo. Maaari mong gawin ang mga booking ng serbisyo, maaari rin itong gawin ng iyong hinirang o ng nakarehistrong provider ng NDIS sa myplace portal.

Kung ang iyong mga pondo ng NDIS ay sariling pinamamahalaan

Hindi mo kailangang gamitin ang mga booking ng serbisyo dahil direkta mong babayaran ang iyong provider.

Kung ang iyong mga pondo ng NDIS ay pinamamahalaan ng tagapamahala ng plano

Ang iyong Tagapamahala ng Plano ay gagawa ng isang booking ng serbisyo sa myplace portal, na magpapahintulot sa Tagapamahala ng Plano na mag-claim ng kabayaran mula sa NDIS para sa lahat ng mga serbisyo at suporta sa iyong plano. Sa kasong ito, ang nakarehistrong provider at di nakarehistrong provider ng NDIS ay maaaring isama sa booking ng serbisyo.

Kung ang iyong mga pondo ng NDIS ay pinamamahalaan ng NDIA

Kailangan mong ibigay sa iyong nakarehistrong provider ng serbisyo ng NDIS ang iyong numero ng NDIS at ang mga kaugnay na suportang pinondohan para sa iyo para makatanggap ng kabayaran ang iyong provider. Kailangang may nakatakda kang booking ng serbisyo upang sa gayon ay ma-claim ng iyong provider ang kabayaran sa pamamagitan ng myplace portal.

Pagbabago ng booking ng serbisyo

Ang booking ng serbisyo ay maaari lamang palitan sa myplace portal bago ang petsa ng pagwawakas ng booking ng serbisyo.

Pagkansela ng booking ng serbisyo

Maaari mong wakasan ang booking ng serbisyo sa myplace portal bago ang petsa ng pagwawakas ng booking ng serbisyo. Kapag ang booking ng serbisyo ay kinansela, anumang hindi nagastang perang inilaan para sa serbisyo ay isasauli pabalik sa iyong badyet.

Pagbabayad para sa iyong mga serbisyo

Ang mga serbisyo ay binabayaran sa pamamagitan ng myplace portal. Ang proseso ay iba-iba depende sa kung paano pinamamahalaan ang iyong pondo.

Kung ang iyong mga pondo ng NDIS ay sariling pinamamahalaan

Bilang isang kalahok na sariling namamahala, mayroon kang partikular na mga tungkulin at pananagutan kapag nagbabayad ka para sa iyong mga serbisyo. Mayroong dalawang opsyon sa pagbabayad sa iyong mga provider ng serbisyo gamit ang iyong mga pondo ng NDIS:

1. Maaari kang makipag-ayos sa iyong mga provider na bayaran kadalasan ang kanilang mga invoice sa loob ng 7-30 araw (maaaring nasa kasunduan ito ng serbisyo). Sa sandaling ikaw ay tumanggap ng isang invoice, maaari kang gumawa ng kahilingan sa pagbabayad gamit ang myplace portal upang mailipat ang pera mula sa iyong NDIS na pondo patungo sa iyong hinirang na bank account.
2. Maaari mo munang bayaran ang provider ng serbisyo at pagkatapos ay gumawa ng kahilingan sa pagbabayad gamit ang myplace portal upang maglipat ng pera mula sa iyong pondo ng NDIS papunta sa iyong hinirang na bank account upang mabayaran ka.

Kailangan mong itabi ang mga rekord ng iyong pagbabayad.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabayad para sa mga serbisyo bilang isang kalahok na sariling namamahala ay matatagpuan sa **Gabay ng NDIS sa Sariling-Pamamahala**.

Kung ang iyong mga pondo ng NDIS ay pinamamahalaan ng tagapamahala ng plano

Ang iyong Tagapamahala ng Plano ang magbabayad ng iyong mga serbisyo para sa iyo at magtatabi ng mga rekord ng iyong mga pagbabayad.

Kung ang iyong mga pondo ng NDIS ay pinamamahalaan ng NDIA

Ang iyong mga nakarehistrong provider ng NDIS ang magke-claim ng mga kabayaran sa pamamagitan ng booking ng serbisyo sa myplace portal. Upang gawin ito, kakailanganin ng iyong provider ang numero ng iyong NDIS, petsa ng kapanganakan at apelyido.

Pagsubaybay sa iyong plano

Madalas mo dapat tingnan kung magkano na ang natitira sa iyong pondo ng NDIS. Maaari mong tingnan sa myplace portal ang 'My Support Budget' (Ang Aking Suportang Badyet) upang makita kung magkano na ang nagasta mong pondo, at kung magkano pa ang natitira.

Upang matiyak na alam mo kung saan mo ginagasta ang iyong pondo ng NDIS, magtabi ng rekord ng mga serbisyo na tinanggap mo o hilingin sa iyong provider na regular kang padalhan ng kopya ng kanilang mga rekord ng serbisyo. Tandaan, ang iyong pondo ay kailangang tumagal para sa buong panahon ng iyong plano.

Kung pinamamahalaan mo nang sarili ang iyong pondo ng NDIS, kailangan mong itabi ang lahat ng mga invoice at resibo pati na rin ang mga bank statement mula sa iyong hinirang na bank account para sa limang taon. Maaaring hilingin ng NDIA na tingnan ang iyong mga rekord anumang oras kaya't mahalagang panatilihin maayos ang mga ito para maipakita mo na ginugol mo ang iyong mga pondo ng NDIS sa mga suporta na tumutulong sa iyong makamit ang mga mithiin sa iyong plano. Basahin ang higit pa tungkol sa iyong mga pananagutan bilang isang sariling namamahala sa **NDIS Guide to Self-Management (Gabay ng NDIS sa Sariling-Pamamahala)**.

Ang mga provider ng serbisyo ay hindi dapat mag-claim para sa mga serbisyo na hindi nila ibinigay. Kung mangyayari ito, kontakin ang iyong provider at subukang lutasin ang isyu nang direkta sa kanila. Kung ikaw ay hindi nasiyahan sa resulta, kontakin ang iyong ECEI Coordinator, LAC, Koordineytor ng Suporta o ang NDIA.

Kung hindi mo pa nagamit ang lahat ng iyong pondo sa katapusan ng iyong plano, ito ay hindi:

- 'isasama' (roll over) sa iyong susunod na plano, o
- 'tatanggalin' sa iyong susunod na plano.

Anumang pagbabago sa iyong mga plano ng NDIS sa hinaharap ay ibabatay sa kung ano ang makatwiran at kinakailangan para sa iyong mga pangangailangan, na isinasalang-alang ang mga mithiin na nakamit mo na at kung paano napagbuti ang iyong mga kasanayan at kakayahang magsarili.

Ano ang aking gagawin kung hindi ako nasiyahan sa suporta o serbisyong tinatanggap ko?

Kung ikaw ay hindi nasiyahan sa suporta o serbisyo na iyong tinatanggap, maaari ka munang makipag-usap sa iyong provider. Maaari mong hilingin sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, o sa isang independiyenteng tagapagtaguyod, na tulungan ka. Kung ang iyong suliranin ay hindi nalutas, kausapin ang iyong ECEI Coordinator, LAC, Koordineytor ng Suporta o ang NDIA.

Maaari kang magpalit ng provider kung ikaw ay hindi pa rin nasisiyahan, kung hindi mo na kailangan ang kanilang mga serbisyo o kung may ibang provider na mas nais mong makatrabaho.

Kadalasan kapag pinalitan mo o itinigil ang pakikipagtulungan sa isang provider, kakailanganin ninyong pagkasunduan kung kailan ka matatapos sa kanila, na dapat ay nakasaad sa iyong kasunduan sa serbisyo.

Ano ang aking gagawin kung may mga pagbabago sa panahon ng aking plano?

Mahalagang sabihan ang iyong ECEI Coordinator, LAC, Koordineytor ng Suporta o ang NDIA tungkol sa anumang malaking kaganapan o pagbabago sa mga kalagayan na maaaring makaapekto sa iyong plano, tulad ng:

- mga pagbabago sa iyong mga pangangailangan sa kapansanan
- makabuluhang pagbabago sa iyong pangangalaga o suportang ibinibigay ng pamilya o kaibigan
- mga pagbabago sa iyong mga kaayusan sa paninirahan na tulad ng lugar kung saan ka nakatira, kung ikaw ay may bagong mga taong kasama sa bahay, kung lumipat ka sa ibang bansa o lumipat sa pangangalaga sa matatanda o pasilidad sa pangangalaga ng matatanda.
- mga pagbabago sa iyong trabaho o naghahanap ka ng trabaho, o
- kung ikaw ay tumanggap o nag-claim ng kabayaran para sa isang aksidente o karamdaman na may kaugnayan sa iyong kapansanan.

Ang pagbabago ng mga kalagayan ay agad nangangahulugan na rerepasuhin o babaguhin ang iyong plano, gayunman mahalagang ipaalam sa iyong ECEI Coordinator, LAC, Koordineytor ng Suporta o sa NDIA ang tungkol sa mahahalagang mga pagbabago sa iyong buhay upang ang iyong plano ay tumutugon sa iyong mga pangangailangan sa kasalukuyan.

Kung may nagbabago para sa iyo na nakakaapekto sa iyong mga pangangailangan o sa mga suporta sa iyong plano, kailangan mong punan ang pormularyo ng pagbabago ng kalagayan (change of circumstances form), na makukuha sa website ng NDIS o sa pamamagitan ng pagtawag sa NDIA.

Pagrepaso ng iyong plano at mga mithiin

Pagrepaso ng plano para sa mga kalahok ng NDIS

Ikaw ay kokontakin bago matapos ang iyong plano upang talakayin ang pagrerepaso ng iyong plano.

Ang pagrerepaso ng iyong plano ay isasagawa nang harap-harapan o sa telepono, depende kung ano ang mas gusto mo. Maaari mong isama ang isang kapamilya, kaibigan, tagapagtaguyod o ibang tao sa pagrerepaso ng iyong plano. Ang pagrerepaso ng iyong unang plano ng NDIS ay karaniwang isinasagawa sa 12 buwan matapos mong simulan ang iyong plano. Para sa mga plano sa hinaharap, maaaring alukin ka ng plano na tatagal ng hanggang 24 na buwan, kung ang iyong mga pangangailangan ay mas malamang na hindi magbago.

Pagrepaso ng plano para sa mga bata

Ang layunin ng maagang interbensyon ay upang mabawasan ang epekto ng kapansanan o pagkaantala sa pag-unlad ng isang tao sa pang-araw-araw na buhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta hangga't maaga. Kung ang iyong anak ay tumatanggap ng suporta sa pamamagitan ng Early Childhood Early Intervention (ECEI), karaniwang kasama ang ECEI Coordinator ng iyong anak sa pagrerepaso sa kanya.

Ang pag-access sa NDIS ng iyong anak ay tatasahin sa bawat pagrerepaso ng plano. Ang tiyempo ng kaniyang pagrerepaso ay nakasalalay sa mga pangangailangan ng iyong anak. Ito ay upang tingnan kung ang mga suporta ng ECEI ay mabisa at sumusuporta sa iyong anak. Kung bumuti ang pag-unlad ng iyong anak at nakamit niya ang kaniyang mga mithiin, maaaring hindi na niya kailangan ng suporta mula sa NDIS.

Bago maging pitong taong gulang ang iyong anak, pag-iisipan din ng iyong ECEI Coordinator kung ano ang maaaring kailanganin ng iyong anak sa hinaharap. Kung hindi pa siya nagkaroon dati ng plano ng NDIS, pag-iisipan ng ECEI Coordinator kung karapat-dapat siyang maging kalahok ng NDIS upang makakuha ng plano ng NDIS.

Iba pang impormasyon na iyong kailangan para sa pulong sa pagrerepaso ng iyong plano

Maaaring kailanganin mong magbigay ng pagtatasa o mga ulat mula sa iyong mga provider ng serbisyo para sa pulong sa pagrerepaso ng iyong plano. Ito ay upang ipakita kung paano tumutulong ang iyong mga suporta at mga serbisyo sa pagkamit mo ng iyong mga mithiin. Ang mga ulat na ito ay maaari ring magrekomenda ng mga suporta at mga serbisyo na iyong kakailanganin sa hinaharap. Tatalakayin ito sa iyo ng iyong ECEI Coordinator, LAC o ng NDIA.

Mga ulat na kailangan kong ibigay

Hal. Ulat ng pag-unlad mula sa aking occupational therapist.

Paghahanda para sa pagrepaso ng iyong plano

Ang pagrepaso ng iyong plano ay isang pagkakataon upang masuri kung ang iyong mga suporta at mga serbisyo ay tumutulong sa iyong makamit ang iyong mga mithiin. Mahalaga na ang iyong plano ng NDIS at pagpopondo ay patuloy na mabisa para sa iyo at ibinagay sa mga pagbabago sa iyong buhay at mga mithiin.

Pag-isipan:

- Ano ang naging mabisa sa iyong plano.
- Ano ang hindi naging mabisa.
- Nakamit mo ba ang iyong mga mithiin o nagkaroon ng pag-unlad tungo sa pagkamit ng mga ito.
- Aling mga mithiin ang kailangan mo pang pagsikapan at aling mga mithiin ang kailangan mong baguhin.
- Sino ang makakatulong sa iyo upang makamit ang iyong mga mithiin.
- Kakailanganin mo ba ng suporta ng NDIS sa hinaharap.
- Gusto mo bang baguhin kung paano pinamamahalaan ang lahat o ang ilan sa pagpopondo ng iyong plano.

Hindi mo kailangang pumili ng mga bagong mithiin sa bawat pagrepaso ng plano, ngunit ang iyong plano, mga suporta at mga serbisyo ay dapat tumutulong sa iyong umunlad, makamit ang bagong mga mithiin at sa huli ay makamit ang iyong mga pangmatagalang mithiin.

Maaaring magbago ang iyong plano sa pagdaraan ng panahon

Tulad ng inilarawan sa **Buklet 1 – Pag-unawa sa NDIS**, ang NDIS ay dinisenyo upang maragdagan ang mga kasanayan at kakayahang magsarili ng isang tao upang magkaroon siya ng mas mabuting buhay. Habang pinagsusumikapan mong makamit ang iyong mga mithiin, ang dami ng suportang kailangan mo ay malamang magbago.

Kung ang serbisyo, suporta ng maagang interbensyon o teknolohiyang pantulong ay nakatulong upang maragdagan ang iyong kakayahang magsarili at nabawasan ang iyong pangangailangan para sa karagdagang suporta, baka mabawasan ang kailangan mong pagpopondo, o hindi na kailangan pa ng anumang pondo sa pamamagitan ng plano ng NDIS.

Ibig sabihin nito ay hindi mo na kailangan ng pondo ng NDIS sa ngayon, ngunit maaari kang muling makipag-ugnay sa amin sa hinaharap kung kailangan mo.

Ang mga taong may pasumpong-sumpong na kapansanan (episodic disability) (isang kapansanan na may taas-babang epekto sa iyong pang-araw-araw na buhay) ay maaari ring mapansin na nagbabago ang antas ng kanilang pagpopondo ng NDIS sa paglipas ng panahon, tulad ng pagbabago ng kanilang kapansanan sa paglipas ng panahon.

“

“Para sa akin, ang pinakamagandang bagay tungkol sa NDIS ay ang pagkakataong ibinibigay nito sa akin upang baguhin ang buhay ng isang bata, at ng kaniyang pamilya.”

JOANNA BUTTFIELD, NAKAREHISTRONG PROVIDER NG NDIS



Mga bagay na tatalakayin sa pagrepaso ng iyong plano

Ano ang naging mabisa sa iyong plano? Anong mga mithiin ang iyong nakamit?

Hal. Nakakuha ako ng suporta sa pagsasagawa ng mga gawain sa bahay tulad ng paghuhugas, pagtutuyo at pagkakaroon ng alalay sa paliligo.

Hal. Natapos ko ang aking pagsasanay para sa kahandaan sa trabaho at ngayon ay handa na akong maghanap ng trabaho.

Ano ang hindi gumana nang mabuti?

Hal. Pakiramdam ko ay kailangan ko ng higit pang suporta upang makahanap ng trabaho. Ang paghahanap ng trabaho ay isang pangmatagalang mithiin sa aking plano.

Hal. Laging pinapalitan ng aking provider ang miyembro ng kawani na sumusuporta sa akin.

**Ano ang iyong mga tanong tungkol sa paraan ng pamamahala ng iyong plano?
Gusto mo bang baguhin kung paano pinamamahalaan ang iyong pondo?**

Hal. Sa palagay ko ay kaya kong pamahalaan ang isang bahagi ng aking plano, pero hindi lahat. Gusto kong talakayin ito sa susunod na pagrerepaso ng aking plano.

Ano ang iyong bagong mga mithiin para sa iyong susunod na plano?

Hal. Gusto kong maging mas nakapagsasarili at sa kalaunan ay makabalik sa trabaho.

Ang iyong mga tala at mga tanong

Hal. Gustong simulan ng anak ko ang paglalaro ng isport pero hindi ako sigurado kung ano ang magiging angkop para sa kanya at sa kanyang kapansanan. Ano ang mga pagpipilian sa larangang ito?

Hal. Paano ko ibabahagi ang aking plano sa mga provider?

1**2****3**

Ano ang susunod na mangyayari?



Nakatugon ka sa mga kinakailangan sa pag-access para sa pagpopondo sa pamamagitan ng NDIS.



Mayroon kang naaprubahang plano ng NDIS at nauunawaan kung saan mo maaaring gugulin ang iyong pondo.



Pinili mo ang tamang mga provider para sa iyo at alam mo ang gagawin mo kung ang plano ay hindi gumagana nang tama.



Alam mo kung anong mga serbisyo ng komunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan ang makukuha at, kung kailangan ay iuugnay ka ng iyong LAC o Koordineytor ng Suporta sa iba pang mga serbisyo.

Kontakin ang iyong ECEI Coordinator, LAC o Support Coordinator kung mayroon kang mga katanungan, kung magbago ang iyong kalagayan o kung may anumang bagay na gusto mong talakayin.

Ikaw ay kokontakin kung panahon na para repasuhin ang iyong plano. Kumpletuhin at dalhin ang buklet na ito sa pulong na pagrerepaso ng iyong plano.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa buklet na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa:

www.ndis.gov.au

National Disability Insurance Agency

 Telepono 1800 800 110


 Hanapin kami sa Facebook/NDISAus


 Sundan kami sa Twitter @NDIS

Para sa mga taong nangangailangan ng tulong sa Ingles

 TIS: 131 450

Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig o pananalita

 TTY: 1800 555 677

 Speak and Listen (Magsalita at Makinig): 1800 555 727

 Internet relay: National Relay Service www.relayservice.gov.au